8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri**
-

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa ng pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa upang malinang ang pagiging mapagmalasakit |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa mga hayop sa pamamagitan ng pagbibigay ng kailangang resorses ng mga ito ayon sa sariling kakayahan.**<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa.<br>b. Napatutunayan na ang pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa ay aktibong pakikibahagi bilang mabuting katiwala ng mga nilikha ng Diyos.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmalasakit (Compassion) |
| **E. Nilalaman** | Pangangalaga sa mga Hayop Katuwang ang Kapuwa |
| **F. Integrasyon** | SDG 15: Life on Land<br>RA 9147 (Philippine Wildlife Act)<br>RA 8485 (The Animal Welfare Act of 1998) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Ano ang Habitat? | Panitikan.com.ph. (2023, October 12). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/ano-ang-habitat

Batas Republika Republika Bilang 9147 “Wildlife Resources Conservation and Protection Act.” (n.d.). www.coursehero.com. Retrieved May 19, 2024, from https://www.coursehero.com/file/p5gh1o2u/Batas-Republika-Republika-Bilang-9147-Wildlife-Resources-Conservation-and/#:~:text=Batas%20Republika%20Republika%20Bilang%209147%20%E2%80%9CWildlife%20Resources%20Conservation%20and%20Protection,na%20kalagayang%20ekolohikal%20ng%20bansa.

C. (2018, June 11). karapatan ng mga hayop. Karapatan Ng Mga Hayop. https://karapatanngmgahayoponline.wordpress.com/

Clear Outline Leaf Clip Art At Clkercom Vector Clip, HD Png Download , Transparent Png Image - PNGitem. (n.d.). PNGitem.com. https://www.pngitem.com/middle/iRmmmRT_clear-outline-leaf-clip-art-at-clkercom-vector/#google_vignette

Free Photo | Friendly smart basenji dog giving his paw close up isolated on white. (2020, December 26). Freepik. https://www.freepik.com/free-photo/friendly-smart-basenji-dog-giving-his-paw-close-up-isolated-white_11829513.htm#fromView=search&page=1&position=19&uuid=6b368999-4bb0-4bc4-bb22-619dbfa71473

Free Photo | Two parrots sitting on a branch, one of which is green and yellow. (2023, June 9). Freepik. https://www.freepik.com/free-ai-image/two-parrots-sitting-branch-one-which-is-green-yellow_47207385.htm#fromView=search&page=1&position=44&uuid=2f47158b-62d9-4726-bbbe-c85a698f88f2

Free Vector | Paw Prints Hearts Doodles Set. (2023, November 27). Freepik. https://www.freepik.com/free-vector/paw-prints-hearts-doodles-set_93578519.htm#fromView=search&page=2&position=24&uuid=0a5f1626-c83f-495f-a004-ddf2868e9ea0

Genesis 1:27-28 (MBBTAG). (n.d.). Bible Gateway. https://www.biblegateway.com/passage/?search=Genesis%201%3A27-28&version=MBBTAG

Goal 15: Life on land - The Global Goals. (2024, January 23). The Global Goals. https://www.globalgoals.org/goals/15-life-on-land/

Kaisa ng Kalsada. (2013, January 21). Jamie Alili Lagrada Literary Club. https://jallclub.wordpress.com/2013/01/20/kaisa-ng-kalsada/

Mga batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga hayop. (1970, January 1). GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/imbestigador/334614/mga-batas-na-nangangalaga-sa-kapakanan-ng-mga-hayop/story/#:~:text=Ang%20RA%208485%2C%20na%20mas,mamumuno%20sa%20pagpapatupad%20ng%20batas.

Pantaleon, V. A. P. B. A. (2017, August 13). Abuso. Monday Lab. https://mondaylabblog.wordpress.com/2017/08/12/abuso/

Philippine Animal Welfare Society (PAWS). (n.d.). Issuu. https://issuu.com/pbmorales_0423/docs/csip_portfolio/s/23220596#:~:text=Vission%3A%20Ang%20PAWS%20ay%20isang,ng%20mga%20layunin%20ng%20organisasyon.

Premium Photo | Young Kurilian Bobtail isolated on white. (2021, January 15). Freepik. https://www.freepik.com/premium-photo/young-kurilian-bobtail-isolated-white_12135156.htm#fromView=search&page=1&position=42&uuid=b526cd35-7e6d-4499-8bc1-40e2c4a84c97

Premium PSD | A white and brown hamster with the name hamster on it. (2023b, May 31). Freepik. https://www.freepik.com/premium-psd/white-brown-hamster-with-name-hamster-it_45188037.htm#page=2&query=hamster&position=20&from_view=keyword&track=sph&uuid=b73c5071-955f-4741-a693-a750c1e29ec1

Sertifikasyon, E. R. V. (n.d.). Ano ang Kahulugan ng Biodiversity? https://www.ekolojik.com.tr/tl/sektorel-ipuclari/biyocesitlilik-ne-anlama-geliyor/

wildlife. (2024, May 11). Merriam-Webster Dictionary. https://www.merriam-webster.com/dictionary/wildlife

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral (mula sa nakaraang aralin)**<br>Paano mo maipapakita ang pagkalinga sa mga taong nasa larawan?<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang iminungkahing tagubilin:*<br>• *Maaaring maghanap ang guro ng mga larawang tumutukoy sa:*<br>  ○ *Mga Pulubi*<br>  ○ *Mga taong may kapansanan (person with disability or PWD)*<br>  ○ *Mga batang nasa lansangan* |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>*Bigyan ng Pangalan yan!*<br>Bigyan ng magandang pangalan ang mga hayop na nasa larawan. Tiyakin na ang pangalang iyong ibibigay ay naaayon din sa kanilang mga katangian. | Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito<br><br>Ipaalala sa mga mag-aaral ang tamang pagkalinga at pag-aalaga sa mga hayop hindi lamang sa mga alagang hayop kundi sa iba pang mga hayop na walang tiraham. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| <br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Dog_Breeds.jpg | | <br>https://freerangestock.com/photos/187212/adorable-kitten-looking-intently-at-camera.html | |
| <br>https://www.rawpixel.com/image/6020338 | | <br>https://www.pexels.com/photo/a-hamster-in-a-pot-15301602/ | |

**Tanong:**

1. Nagkaroon ka ba ng alagang hayop sa inyong tahanan?

___________________________________________

___________________________________________

2. Ano ang naging *role* ng iyong alaga sa iyong pamilya?


___________________________________________

___________________________________________

3. Paano mo sila inaalagaan?

___________________________________________

___________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Panuto:** Ano ang pakahulugan mo sa mga sumusunod na salita?<br><br><br>https://www.pngitem.com/middle/iRmmmRT_clear-outline-leaf-clip-art-at-clkercom-vector/#google_vignette<br><br>Tanong:<br><br>1. Ano ang una mong naisip nang mabasa ang mga salitang *habitat, wildlife, biodiversity at animal welfare act?* Bakit? | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito<br><br>Ang *link* para sa *clip art* na ito Clear Outline Leaf Clip Art At Clkercom Vector Clip, HD Png Download, Transparent Png Image - PNGitem. (n.d.). PNGitem.com. https://www.pngitem.com/middle/iRmmmRT_clear-outline-leaf-clip-art-at-clkercom-vector/#google_vignette<br><br>**Sagot**:<br>*Habitat* - Sa agham, ginagamit ang terminong habitat para tukuyin ang natural at ekolohikal na tirahan ng isang partikular na organismo, mapa-tao, hayop, o halaman man ito.<br>*Source*: Ano ang Habitat? \| Panitikan.com.ph. (2023, October 12). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/ano-ang-habitat<br><br>*Wildlife* - mga bagay na may buhay at lalo na ang mga mammal, ibon, at isda na hindi tao o inalagaan<br>*Source*: wildlife. (2024, May 11). Merriam-Webster Dictionary. https://www.merriam-webster.com/dictionary/wildlife<br><br>*Animal Welfare Act* - ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas. Kilala rin bilang RA 8485<br>*Source*: Mga batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga hayop. (1970b, January 1). GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/imbestigador/334614/mga-batas-na-nangangalaga-sa-kapakanan-ng-mga-hayop/story/#:~:text=Ang%20RA%20848 |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Magbigay ka ng tatlong obligasyon ng tao sa mga hayop.<br>a. ____________________<br>b. ____________________<br>c. ____________________<br>3. Bakit kaya marapat na pangalagaan ng tao ang mga hayop?<br>____________________<br>____________________ | 5%2C%20na%20mas,mamumuno%20sa%20pagpapatupad%20ng%20batas<br><br>*Biodiversity* - pagkakaiba-iba sa mga nabubuhay na organismo sa iba't ibang mga mapagkukunan kabilang ang *terrestrial, marine* at iba pang mga *aquatic ecosystem* at ang mga ekolohikal na komplikado na bahagi ng mga ito<br>*Source*: Sertifikasyon, E. R. V. (n.d.). Ano ang Kahulugan ng Biodiversity? https://www.ekolojik.com.tr/tl/sektorel-ipuclari/biyocesitlilik-ne-anlama-geliyor/ |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: <u>Pangangalaga sa Hayop Katuwang ang Kapuwa Bilang Mabuting Katiwala ng Nilikha ng Diyos</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Narito ang nakasaad sa Genesis 1:27-28, “Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa.” (Genesis 1:27-28 (MBBTAG), n.d.)<br><br>Ang tao ay binigyan ng Diyos ng kapangyarihan na pamahalaan ang kanyang mga nilikha, kasama na rito ang lahat ng mga hayop sa sangkalupaan. Ang kapangyarihang ito ay hindi nangangahulugan ng paggamit sa kanila para sa sariling interes ng tao o pang-aabuso sa mga ito. Ang kapangyarihang mamahala ng tao ay nangangahulugang pangangalaga at pagpapanatili ng buhay ng mga ito.<br><br>“Ang mga hayop ay isa sa mga nilalang ng diyos katulad din nating mga tao. Bawat isa ay may karapatang mabuhay. Nararapat lang na bigyan ang mga hayop ng tamang pagtatrato at pagpapahalaga. Masasabi man na hindi sila nakakapag salita pero mayroon din silang damdamin. Malaki din ang nagiging ambag ng mga hayop sa bawat isa sa atin tulad ng pagiging bantay sa ating tahanan, nagbibigay aliw, at nagiging parte din sila ng ating pamilya. Kaya dapat lang itong itrato ng tama gaya ng pagtrato natin sa ating kapwa.” | |




[https://karapatanngmgahayoponline.wordpress.com/](https://karapatanngmgahayoponline.wordpress.com/)

"Sa lahat ng mga hayop, aso ang nakakaranas ng pagmamalupit. Itinuturing pa naman itong *man's bestfriend*. Yung iba ay pinagkakakitaan sa pamamagitan ng pagbebenta ng karne nito." (2018)

Maraming kaso ang maaaring harapin ng mga taong mahuhuling mananakit ng mga hayop. "Ang RA 8485, na mas kilala bilang *Animal Welfare Act*, ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas. Binuo ng batas na ito ang *Committee on Animal Welfare* na siyang mamumuno sa pagpapatupad ng batas. Sinasabi ng batas na dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangangalaga, at maaaring maparusahan ang sinumang mapatunayang lumalabag dito."

"Sa Seksiyon 6 ng batas, ipinagbabawal ang pagmaltrato at pag-*torture* sa mga hayop. Ipinasa rin sa bahaging ito ng batas na hindi maaaring pumatay ng hayop, maliban sa mga hayop na kinakain tulad ng baka, baboy, kambing, tupa, manok at iba pang poultry, kuneho, kalabaw, kabayo, usa at buwaya."

"Isang paglabag sa batas ang pagpatay sa mga hayop na hindi nabanggit liban na lamang kung ito ay dahil sa ritwal ng isang relihiyon, malubhang sakit ng hayop, at animal control kung saan nasa bingit ng panganib ang hayop o mga taong malapit dito. Itinuturing na isang *landmark law* ang *Animal Welfare Act* dahil ito ang unang kumilala ng kalupitan sa hayop bilang isang paglabag sa batas."

"Pinirmahan din ng dating Pangulong Benigno Simeon Cojuangco Aquino III ang RA 10631 upang paigtingin ang batas na umiiral kaugnay ng *animal welfare*." Ito ay isinabatas noong taong 2013. Ilan sa mga amyenda o pagbabagong itinadhana ng RA 10631 ay ang mas mataas na piyansa o parusa kapag napatunayan ang paglabag sa Animal Welfare Act. Itinaas ng RA 10631 ang multa sa paglabag ng batas; mula sa dating P1,000 hanggang P5,000, ginawa itong P50,000 hanggang P100,000. Ihinawalay rin nito ang mga parusa sa bawat opensa at idinagdag bilang paglabag sa batas ang sinumang mapatunayang pinabayaan ang hayop na nasa kanyang pangangalaga." (Mga Batas Na Nangangalaga Sa Kapakanan Ng Mga Hayop, 1970)

"Ang tirahan ng mga hayop ay kasama din sa patuloy na pinoprotektahan. Ang bagay na ito ay kabilang sa tinatawag na Sustainable Development Goals SDG 15: *Life on Land.*
Ang Layunin 15 ay partikular na nakatuon sa pamamahala ng mga kagubatan nang mapanatili, pagpapanumbalik ng mga nasirang lupain at matagumpay na paglaban sa *desertification*, pagbabawas ng mga nasirang natural na tirahan at pagwawakas sa pagkawala ng biodiversity. Ang biodiversity ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba sa mga nabubuhay na organismo sa iba't ibang mga mapagkukunan kabilang ang terrestrial, marine at iba pang mga *aquatic ecosystem* at ang mga ekolohikal na komplikado na bahagi ng mga ito." (Sertifikasyon, n.d.)


"Bukod sa SDG 15, mayroon ding Batas Republika Bilang 9147 "Wildlife Resources Conservation and Protection Act". Binibigyang proteksyon ng batas na ito ang pangangalaga sa mga *wildlife resources* at sa kanilang tirahan upang mapanatili ang timbang na kalagayang ekolohikal ng bansa." (Batas Republika Republika Bilang 9147 "Wildlife Resources Conservation and Protection Act," n.d.)
Kabilang sa pangangalaga ng *wildlife resources* ay ang pagsunod sa batas na itinakda upang maprotektahan ito, pagpaplano para sa pagpapatupad ng mga proyektong mangangalaga dito, pagbabantay laban sa mga taong may negatibong interes, at ang patuloy na pag-aaral upang matutunan ang mga paraan ng wastong pangangalaga at pagtrato sa *wildlife.*

Ang lahat ng batas at layunin na naglalayong maprotektahan ang mga hayop at ang yamang-gubat ay hindi para sa iilang tao lamang. Ang lahat ay Pilipino ay inaasahang tumalima at isulong ang pangangalaga sa hayop. Hindi lang para mapanatili ang timbng ng kalagayang ekolohikal ng bansa kundi bilang pagtugon sa tungkuling ibinigay minsmo ng Diyos. Ang mundo ay ginawang napakaganda para sa tao, dapat itong ingatan at mahalin kabilang na ang lahat ng nabubuhay dito.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
Mga Hayop, Katuwang ng Tao
Naranasan mo na bang magkaroon ng alagang hayop? Kung hindi man, batay na lamang sa iyong obserbasyon, ano ang mga pakinabangang nakukuha ng tao mula sa kanila? Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito.

Ang *link* para sa *clip art* na ito ay makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto.

| | | |
|---|---|---|
| | **Prosesong Tanong:**<br>1. Masasabi mo rin bang espesyal na nilalang ang mga hayop katulad ng tao? Bakit?<br>________________________________________________<br>______________________________________<br>2. Nararapat bang magkaroon ng mga batas para sa kanilang proteksiyon? Bakit?<br>________________________________________________<br>______________________________________<br>3. Ano ang mangyayari kung patuloy na aabusuhin ang mga hayop na nagdudulot ng kanilang pagkamatay?<br>________________________________________________<br>______________________________________ | |
| | 4. May mga taong ginagamit ang mga hayop para pagkakitaan katulad ng *dogfight o cockfight* (sabong) kung saan nagdadala ng panganib sa buhay ito, ano ang iyong pananaw tungkol dito?<br>________________________________________________<br>______________________________________ | Maaaring gumamit ang guro ng larawan ng *dogfight o cockfight* upang maunawaan ng mag-aaral kung ano ang gawaing ito. |
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>*Tungkulin ko, gagawin ko*<br>Paano ka tutugon sa panawagan ng Batas Republika bilang 8485, Batas Republika bilang 9147 at SDG 15? Maraming mga hakbang na maaari mong gawin upang makatulong sa pangangalaga sa mga hayop. Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng puso<br><br>https://www.freepik.com/free-vector/paw-prints-hearts-doodles-set_93578519.htm#fromView=search&page=2&position=24&uuid=0a5f1626-c83f-495f-a004-ddf2868e9ea0 | Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito. |

**Prosesong Tanong:**

1. Bakit kailangang maalagaan ng tama ang mga hayop?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Ano ang pangunahin mong tungkulin sa mga hayop na dapat palaging isabuhay?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Bakit may mga pang-aabuso pa ring nagaganap sa mga hayop kahit mayroon ng mga pinaiiral na batas?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________

4. Ano pa kaya ang kulang para sa aktibong pagsasabuhay ng mga batas na nangangalaga sa mga hayop at tirahan nito?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng Paraan ng Pangangalaga sa Hayop Katuwang ang Kapuwa**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Likha rin ng Diyos ang mga hayop kaya dapat natin silang pahalagahan at alagaan. Ngunit paano kung may ibang tao na patuloy pa rin sa pag-abuso sa kanila?

Araw-araw, may mga hayop na nagiging biktima ng pagmamaltrato ng mga tao.
May naitalang mga kaso ng pang-aabuso ang Philippine Animal Welfare Society (PAWS). "Ang PAWS ay isang *non-profit* na organisasyon sa Pilipinas na nagsasagawa ng mga inisyatibo sa pagsulong ng pangangalaga at proteksyon ng hayop. Ito ay binubuo ng isang pangkat ng mga taong maaasahan at nakatuon sa pagsasagawa ng mga layunin ng organisasyon. "(Philippine Animal Welfare Society (PAWS), n.d.)

"Ayon dito, mahigit sa isang daang (100) kaso ang naisusumbong sa kanila kada isang taon. Ang kadalasang nagiging biktima ng pang-aabusong pisikal, ang mga alagang aso't pusa. Kahit nasa loob o labas man sila ng kanya-kanyang mga tahanan, walang pinipiling lugar ang mga taong walang awa kung manakit at mang-abuso. Pero may iba pang mga hayop na nagiging biktima ng pang-aabuso — ang mga hayop tulad ng manok, baboy, baka, kalabaw at marami pang iba. Halimbawa, ang labis na pagpatay sa kanila gamit ang dahas. Karaniwang makikita ang ganitong sitwasyon sa mga *slaughterhouse* kung saan kinakatay ang mga ito."

“Kung sakaling may nakita na inaabusong hayop, may mga lokal na organisasyon sa Pilipinas ang handang tumulong. Marapat lamang na ipagbigay alam agad ang mga nararapat na impormasyon upang mapigilan ang pagdami ng mga naaabusong hayop. Narito ang iilan sa mga lokal na organisasyon na tumutulong sa mga naabusong hayop:

*Earth Island Institute*
*Philippine Society for the Prevention of Cruelty to Animals (PSPCA)*
*Compassion and Responsibility for Animals Welfare Philippines (CARA)*
*People for Ethical Treatment for Animals Asia-Pacific (PETA)*
*Animal Welfare Coalition*
*Animal Kingdom Foundation*
*World Wildlife Fund*
*Philippine Animal Welfare Society”*
(Pantaleon, 2017)

Kung ang pagmamahal at pagmamalasakit ay naibibigay natin sa ating kapuwa tao tiyak na kaya rin natin itong ibigay sa mga hayop na nasa ating paligid. Ang pagmamalasakit ay pag-aalalá o pagtatanggol sa kapuwa lalo na sa panahon ng kalungkutan, kagipitan, at kahirapan. Mas katanggap tanggap ang pagmamalasakit kung ito ay ibinigay ng bukal sa puso at walang hinihintay na kapalit.

Upang maipakita natin ang pagmamalasakit sa mga hayop, maaari nating gawin ang sumunod.

Una, alagaan natin sila. Pakainin at painumin sila. Bigyan sila ng gamot kung may sakit at matitirahan kung sila ay nasa lansangan. Para rin silang mga tao na nangangailangan ng pagkalinga at pag-aalaga

Ikalawa, mahalin sila. Huwag natin silang sasaktan. Maaari din silang ituring na pamilya at kaibigan

Ikatlo, Huwag silang gamitin para sa mga illegal na gawain o laro katulad ng *dog fight.* Hindi wasto ang kumita ng pera habang marami ang nasasaktan at namamatay na mga hayop dahil sa mga gawing tulad nun.

Ikaapat, Suportahan ang mga *animal shelters* o mga samahan na nagtataguyod ng *wildlife conservation.* Gustuhin man nating kupkupin ang mga hayop na nasa lansangan, hindi natin magawa sa ilang personal na kadahilanan. Ang mga shelter ang sagot sa sitwasyong iyon ngunit minsan ay kinakapos na rin sila dahil sa dami ng kanilang inalagaan. Maaari tayong mag-abot ng donasyon upang maipagpatuloy nila ang pag-aalaga ng mga hayop at ang pagpapanatili ng kanilang tirahan.

Ikalima, irespeto din ang kanilang kalayaang mabuhay. Huwag gagawa ng mga bagay na maaaring magbigay ng masamang epekto sa mga hayop. Isnag simpleng halimbawa ay ang pagtatapon ng kemikal o lason sa basurahan. Mayroong mga asong walang tirahan na nagbubungkal ng basura para makakain. Ang ilan sa kanila ay namatay dahil nakakain ng

lason na ang akala nila ay pagkain sa loob ng mga basurahan. Maging responsible tayo kahit sa mga hindi natin alagang hayop. Huwag nating kalilimutan na tayo ay naatasang mangalaga at magtaguyod sa kanila.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

*Kamalayan sa Kalupitan sa Hayop*

**Panuto:** Ano ano ang mga nasasaksihan mong pang-aabuso sa mga hayop sa inyong komunidad. Isulat ito sa patlang.

Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________
4. ________________________________________
5. ________________________________________

Prosesong Tanong:

1. Ano ang iyong nararamdaman sa tuwing nakakakita ka ng pang-aabuso sa hayop?

________________________________________

________________________________________

2. Ano ang pangmatagalang epekto ng malalang pang-aabuso sa mga hayop at habitat nito?

________________________________________

________________________________________

3. Kung ikaw ay may alagang aso, paano mo ito poprotektahan laban sa mga mapang-abusong tao?

________________________________________

________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Pangkatang Gawain

Mahirap kumilos mag-isa. Kailangan mo ng kasama upang maprotektahan ang mga hayop sa inyong pamayanan. Sa paanong paraan mo maisusulong ang pagkalinga sa mga hayop sa iyong pamayanan? Paano mo hihikayatin ang iyong mga kabaranggay na suportaha ang iyong adbokasiya. Gumawa ng isang campaign para sa proteksiyon ng mga hayop. Maaari kang gumawa ng *jingle* o awit, *poster* o bidyo upang maging aware lalo na ang mga kabataang katulad mo sa mga batas tungkol sa pangangalaga sa mga hayop.

Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral upang makapagplano at 20 minuto upang magawa ang pangkatang gawain

*Rubric*:

| | | |
|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang mensahe na tumutugon sa layunin ng gawain | 5 |
| Mekaniks | *Jingle*- tugma ang ritmo<br>*Poster* – Tama ang kulay at balanse ang larawan<br>Bidyo – Akma ang lugar, ang boses ay malakas at malinaw | 5 |

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Impak</td><td>Nakakaakit pakinggan, tingnan o panoorin. Ang mensahe ay katanggap-tanggap ng mga tumitingin o nakikinig</td><td>5</td></tr><tr><td>Kooperasyon</td><td>Ang lahat ng kasapi ay nagbahagi ng kanyang husay sa paggawa ng makabuluhang jingle/poster/bidyo.</td><td>5</td></tr><tr><td></td><td>Kabuuang Iskor</td><td>20</td></tr></table><br>**Prosesong Tanong:**<br>Ipaliwanag: Bakit dapat pahalagahan ang mga hayop, ang mga inalagaan sa bahay at yaong nasa *wildlife*? | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ano ano ang mga batas o proklamasyon ang nangangalaga sa buhay ng mga hayop?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa hayop?<br>___________________________________________<br>_____________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**I. Panuto:** Ano ang prinsipyong isinusulong ng pagbasa mula sa bibliya, batas, programa, o organisasyong nasa ibaba. Ipaliwanag ito ayon sa iyong naunawaan mula sa talakayan.<br><br>1. *Genesis* 1:27-28<br>2. Batas Republika Bilang 8485<br>3. Batas Republika bilang 9147<br>4. SDG 15<br>5. *Philippine Animal Welfare Society*<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Para sa kamalayan ng iba. Ibahagi sa iyong pamilya ang mga batas na tinalakay tungkol sa pangangalaga sa mga hayop. Kunin ang kanilang reaksiyon tungkol dito at ibahagi sa klase sa susunod na pagkikita. | |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>